# MAG-IMPAKE
Mag-impake ng isang pang-emerhensiyang kit

## CHECKLIST PARA SA PANG-EMERHENSIYANG KIT

- ☐ Radyong pinapa-andar gamit ang baterya at mga reserbang baterya
- ☐ Flashlight at mga reserbang baterya
- ☐ Mga kandila, pansindi at mga posporong hindi tinatagusan ng tubig
- ☐ Mga nakasaradong sisidlang naglalaman ng tubig (10L bawat tao)
- ☐ Pagkaing hindi nasisira – sapat para sa 3-4 na araw
- ☐ Nadadalang kalan na may gasolina
- ☐ Abrelata at mga kubyertos
- ☐ Kombinasyong maliit na kutsilyo o lanseta
- ☐ Kit at manwal sa pangunang lunas (first aid)
- ☐ Gamot
- ☐ Gamit sa banyo at mga panustos na panghadlang sa sakit
- ☐ Pamalit na mga damit at matibay na sapatos
- ☐ Mga espesyal na kinakailangang bagay ng mga sanggol, matatanda at mga taong may kapansanan
- ☐ Pagkain, tubig at ibang kinakailangang mga bagay ng alagang hayop
- ☐ Cash na pera (maaaring hindi magamit ang mga ATM)
- ☐ Mga personal na dokumento (mga sertipiko ng seguro, mga litrato, atbp)
- ☐ Matitibay na plastik na mga supot (para sa damit at mga mahahalagang gamit, atbp)
- ☐ Pang-emerhensiyang mga numero ng telepono




# MAKINIG
Manatiling batid

## MAKINIG SA IYONG LOKAL NA ISTASYON NG RADYO PARA SA MGA PAHABOL NA PAUNAWA

**ABC CAIRNS** 801 AM, 106.7 & 95.5 FM

**ABC CAIRNS** (MOSSMAN & PORT DOUGLAS) 639 AM, 90.1 FM

**ZINC CAIRNS** 102.7 FM

**4CA AM** 846 AM

**HOT FM** 103.5 FM

**SEA FM** 99.5 FM

**4AM PORT DOUGLAS** 1422 AM

**PORT DOUGLAS FM** 90.9 FM

**www.cairns.qld.gov.au/disaster**

## MGA PANG-EMERHENSIYANG KONTAK SA KONSEHO

| | |
|---|---|
| Para sa impormasyon BAGO ang cyclone | 4044 3044 |
| Para sa impormasyon SA PANAHON ng cyclone | 4044 3377 |

Kung kailangan mo ng interpreter upang tulungan kang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga sakuna, katulad ng cyclone, mangyaring tawagan ang Translating and Interpreting Service o Serbisyo sa Pagsasalin at Pag-interprete (TIS National sa 131450) at hilingin silang tawagan sa telepono ang Cairns Regional Council (Rehiyonal na Konseho ng Cairns) sa 40443044.

**Subaybayan ang Disaster Coordination Centre (Sentrong Pang-koordinasyon sa Panahon ng Sakuna) sa**

**Facebook & Twitter**

**Para sa mga emerhensiya, tumawag nang direkta sa 000.**
Maghahanda sila ng interpreter para sa iyo.

## IBANG MGA PANG-EMERHENSIYANG KONTAK


| | |
|---|---|
| Pulis / Ambulansiya / Sunog | **000** |
| Serbisyong Pang-emerhensiya ng Estado (State Emergency Service o SES) | **132 500** |
| Ergon Energy | **132 296** |
| Mga Pangunahing Kalsada | **131 940** |

**Ang mga maliliit na hakbang ay nagdudulot ng malaking kaibahan.** Ni-recycle na papel.

MAGPLANO MAG-IMPAKE MAKINIG

# paghahanda para sa mga cyclone

Impormasyon para sa mga naninirahan at mga bisita



## MAGPLANO
Gumawa ng isang pang-emerhensiyang plano para sa sambahayan

\+

## MAG-IMPAKE
Mag-impake ng isang pang-emerhensiyang kit

\+

## MAKINIG
Manatiling batid

Cairns Regional Council

## ANO ANG CYCLONE?

Ang cyclone ay isang marahas na tropikal na bagyo na may napakamalakas na mga hangin at malakas na pag-ulan na maaaring maging sanhi ng malawak na pinsala sa ari-arian. Ang 'mata' o sentro ng cyclone ay isang lugar na binubuo ng banayad na mga hangin at kadalasang malinaw na himpapawid. Subalit mag-ingat, hindi ito ang katapusan ng cyclone, dahil ang napakamapanirang mga hangin mula sa ibang direksiyon ay darating.

Manatili sa loob!

## MGA KATEGORYA NG CYCLONE

| KATEGORYA | PINAKAMALAKAS NA BUGSO NG HANGIN | KARANIWANG EPEKTO |
|---|---|---|
| 1 | Mababa sa 125 kph | Balewalang pinsala sa bahay; pinsala sa ilang mga ani, tanim at mga karawan; ang sasakyang-dagat ay maaaring makaladkad sa lupid o kableng pampugal. |
| 2 | 125-170 kph | Maliit na pinsala sa bahay; lubhang pinsala sa mga karatula; mga puno at mga karawan, malaking pinsala sa ilang mga ani, panganib na mawalan ng elektrisidad, ang maliit na sasakyang-dagat ay maaaring maputulan ng lupid o kableng pampugal. |
| 3 | 170-225 kph | Ilang pinsala sa bubong at istruktura ng ari-arian; ilang nawasak na mga karawan at mga ani; malamang na magkaroon ng kawalan ng elektrisidad. |
| 4 | 225-280 kph | Malubhang pagkawala ng bubong at pinsala sa istruktura; maraming nawasak na karawan na tinangay ng hangin, mapanganib na lumilipad na nalalabing bagay; malawak na kawalan ng elektrisidad. |
| 5 | Higit sa 280 kph | Napakamapanganib na may malawak na pagkawasak. |



## PAGSUSUBAYBAY SA CYCLONE

Magpapalabas ang Bureau of Meteorology (Kawanihan ng Meteorolohiya) ng Pagsusubaybay sa Cyclone (Cyclone Watch) 48 oras bago ang hinuhulaang pagdating ng cyclone sa lupain. Ang impormasyon ay isinasapanahon bawat 6 na oras.

## Babala ng Cyclone

Ipinapalabas kaagad ang isang Babala ng Cyclone kapag ang mas malalakas na hangin ay inaasahang maka-apekto sa mga komunidad sa baybayin at isla sa loob ng 24 na oras. Sasabihin nito kung nasaan ang Cyclone, ang kanyang paggalaw, kung gaano ito kalakas at ang inaasahang mga lugar na nanganganib. Isasama ang mga palagay ng malakas ng pag-ulan, pagbaha at paghagis ng bagyo (storm surge) kung kinakailangan.

Ang mga naninirahan at mga bisita ay dapat magsagawa ng agarang pag-iingat na kinakailangan upang pangalagaan ang kanilang buhay at ari-arian.

# MAGPLANO

### Gumawa ng isang pang-emerhensiyang plano para sa sambahayan

## BAGO ANG CYCLONE

- Makinig sa iyong radyo (siguraduhing may reserbang mga baterya ka)
- Tingnan na ang iyong Pang-emerhensiyang Kit ay nakahanda at malapit lang
- Taliin o i-impake at itago ang lahat ng mga bagay at muwebles na nasa labas ng bahay
- Takpan ang mga bintana/mga pinto gamit ang pilyego ng troso, o lagyan ng masking tape ang kabuuang panig ng salamin ng bintana o pinto at isara ang lahat ng mga pinto
- Siguraduhing ang iyong sasakyan ay puno ng gasolina at iparada na masisilungan kung posible
- Siguraduhing ang iyong barko at karawan ay nakagarahe, o kung hindi man, gawin ang lahat ng pagsisikap upang maitali ito gamit ang mga matitibay na lubid sa isang maaasahang daungan
- Lumikas mula sa mga karawan at mga tolda
- Kung bumibisita sa isang lugar, makipag-usap sa naglaan sa iyo ng akomodasyon tungkol sa kung ano ang dapat mong gawin at kung saan ka makakapunta
- Punuin ang mga sisidlang pang-inom at iyong banyera at basurahang de-gulong ng tubig - ang tubig na ito ay maaaring gamitin upang banlawan ang mga kubeta kung apektado ang mga pagtustos ng tubig
- Pagyeluhin ang tubig sa kasong mawalan ng elektrisidad
- Ilagay ang mga importanteng dokumento at mahahalagang gamit sa mga plastik na supot o ibang mga sisidlang hindi tinatagusan ng tubig at ilagay sa ligtas na lugar
- Patayin at idiskonekta ang lahat ng hindi kinakailangang de-kuryenteng kagamitan

## SA PANAHON NG CYCLONE

- Patuloy na makinig sa iyong radyong pinapa-andar gamit ang baterya para sa lahat ng mga babala at mga payo
- Manatili sa loob at panatilihing kalmado ang iyong sarili at iyong pamilya
- Sumilong sa pinakamatibay na bahagi ng gusali, ito ay kadalasang ang banyo, kubeta o pasilyo
- Maaaring maprotektahan ka ng mga kutson at mga kumot
- Mag-ingat sa kalmadong mata/sentro ng cyclone – **Manatili sa loob!**

## PAGKATAPOS NG CYCLONE

- Manatili sa loob hanggang sa opisyal na pinapayuhan sa radyo na lumipas na ang cyclone
- Manatiling malayo sa bumagsak na mga linya! Palaging ipagpalagay na ang mga bumagsak na linya ng elektrisidad ay 'buhay'
- Lumayo sa tubig ng baha

## ANO ANG PAGHAGIS NG BAGYO (STORM SURGE)?

Ang paghagis ng bagyo ay ang pagtaas ng lebel ng karagatan na kaugnay ng mga cyclone. Ang paghagis ng bagyo ay sanhi ng malalakas na mga hangin na tumutulak sa ibabaw ng karagatan at mas mababa kaysa normal na presyon ng hangin mula sa bagyo. Habang dumarating ang cyclone sa baybayin, ang mga malalaking hangin ay pumapalo sa dagat at tumutulak sa simboryo ng tubig sa mga mabababang lugar ng baybayin, na nagiging sanhi ng pagbaha, pinsala sa mga gusali at pagkaputol ng mga ruta ng paglikas.

Ang mga detalyadong mapa na nagpapakita sa mga sona ng paghagis ng bagyo para sa lugar ng Cairns Regional Council (Rehiyonal na Konseho ng Cairns) ay makukuha sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng Konseho:

**www.cairns.qld.gov.au/disaster**

## MGA PAMAMARAAN SA PAGLIKAS

- Maliban na lang kung pinayuhan kang lumikas, palaging manatili sa loob at panatilihing kalmado ang iyong sarili at iyong pamilya
- Makinig sa iyong radyo para sa impormasyon sa paglikas
- Kung nasa lugar ka na mapanganib sa paghagis ng bagyo, hinihikayat kang gumawa ng mga paghahanda para sa mas komportableng pansamantalang akomodasyon sa pamilya o mga kaibigan na nasa "mas matataas na lugar", kapag mangyaring kinakailangang lumikas
- Kung kailangan mong lumikas, maaaring kumatok sa iyong pinto ang mga manggagawa ng emerhensiyang serbisyo sa iyong kalye upang ituro ka sa isang mas ligtas na lugar
- Nagtalaga ang Konseho ng Mga Sentro sa Paglikas para sa mga taong walang alternatibo. Hindi nila pinapahintulutan ang mga alagang hayop, alkohol o mga armas
- Patayin ang anumang hindi kinakailangang de-kuryente/gas na kagamitan bago umalis
- Dalhin ang iyong Pang-emerhensiyang Kit pati na ang mga kumot, punda at mga tuwalya kung posible

**Para sa karagdagang impormasyon sa paghahanda para sa cyclone, bumisita sa website ng Council**

**www.cairns.qld.gov.au/disaster**

